

Mga Tuntunin at Kondisyon ng mga Internasyonal na Transaksyon sa Paglilipat ng Pera

Ang Customer (indibidwal o korporasyon) ay makakapagsagawa ng mga transaksyon para sa internasyonal na paglilipat ng pera gamit ang serbisyo ng SBI Remit Co., Ltd (ang “Kompanya”) pagkatapos nitong sumang-ayon sa Mga Tuntunin at Kondisyon ng Internasyonal Money Transfer Transaction (“Mga Tuntunin at Kondisyon”) na ito na itinakda ng Kompanya. Ang Mga Tuntunin at Kondisyon na ito ay siya ring magsisilbing tuntunin at kondisyon ng kontrata sa pagitan ng Customer at Kompanya.

Ikaunang Kapitulo (General Provisions)

Artikulo 1. (Layunin)

Ang Mga Tuntunin at Kondisyon na ito ay naglalayong isaad ang mga karapatan at obligasyon ng Kompanya at ng mga partidong nagnanais gumamit ng Serbisyo (na may kahulugang nakasaad sa Artikulo 2.(1)) na may kaugnay sa International Money Transfer Service (na may kahulugang nakasaad sa Artikulo 2.(2)) at sa International Money Transfer Receipt Service (na may kahulugang nakasaad sa Artikulo 2.(3)), na mga serbisyong ibinibigay ng Kompanya. Isinasaad din nito ang mga tuntunin sa paggamit ng Serbisyo.

Artikulo 2. (Kahulugan)

Sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito, ang mga sumusunod na salita ay may kahulugang nakasaad sa ibaba:

- (1) “Serbisyo” ay pangkalahatang terminolohiya na tumutukoy sa International Money Transfer Service at International Money Transfer Receipt Service.
- (2) “International Money Transfer Service” ay pangkalahatang terminolohiya na tumutukoy sa Mobile Application Money Transfer Service, Internet Money Transfer Service, Remit Card Money Transfer Service at Furikomi Money Transfer Service, na nagbibigay daan para matanggap ng tinatawag na “money transfer recipient” sa labas ng Japan, ang money transfer na diniaan sa Correspondent ayon sa money transfer request ng isang Customer sa Japan.
- (3) “International Money Transfer Receipt Service” ay ang serbisyo na nagbibigay daan para matanggap ng Customer ang pera galing sa tagapadala o remitter sa labas ng Japan na diniaan sa isang Correspondent, ayon sa receipt request ng Customer sa Japan.
- (4) “Miyembro” ay ang Customer na binigyan ng awtorisasyon ng Kompanya na gamitin ang mga Serbisyo ayon sa mga pamamaraang itinakda ng Kompanya.
- (5) “Correspondent” ay tumutukoy sa mga kasosyong institusyong pinansyal ng Kompanya at ang kanilang mga kasosyo sa labas ng Japan na nagproproseso ng money transfer para sa mga Serbisyo na ibinibigay ng Kompanya.
- (6) “Company’s Mobile Application” ay nangangahulugang bilang isang “mobile application” na galing sa Kompanya na may kaukulang gamit katulad ng “money transfer rate confirmation function”, “money transfer simulation function”, “money transfer recipient registration function”, at “international money transfer function.”
- (7) “Mobile Application Money Transfer” ay tumutukoy sa “International Money Transfer” sa paraan ng paggamit sa Mobile Application ng Kompanya
- (8) “Mobile Application Money Transfer Service” ay tumutukoy sa International Money Transfer Service sa paraan ng paggamit sa Mobile Application Money Transfer.
- (9) “Internet Money Transfer” ay tumutukoy sa International Money Transfer gamit ang Website ng Kompanya (tinatawag na “Company Website”)

- (10) “Internet Money Transfer Service” ay tumutukoy sa International Money Transfer Service na dinaan sa Internet Money Transfer.
- (11) “Login Password” ay tumutukoy sa password na ginagamit para makapasok sa usage screen ng Serbisyo gamit ang Company Mobile Application o Internet.
- (12) “Transaction Password” ay tumutukoy sa password na ginagamit para maisagawa ang transaksyon para sa Mobile Application Money Transfer Service o Internet Money Transfer Service.
- (13) “Remit Card” ay tumutukoy sa card na binibigay ng Kompanya para sa lahat ng mga dati nang nakarehistrong money transfer recipient.
- (14) “Remit Card Money Transfer” ay tumutukoy sa internasyonal na paglilipat ng pera na gamit ang Remit Card papunta sa isang money transfer recipient na nakarehistro para sa bawat Remit Card.
- (15) “Remit Card Money Transfer Service” ay tumutukoy sa International Money Transfer Service sa pamamagitan ng Remit Card Money Transfer.
- (16) “Furikomi Money Transfer” ay tumutukoy sa internasyonal na paglilipat ng pera sa pamamagitan ng pagdeposito sa isang institusyong pinansyal na itinalaga ng Kompanya.
- (17) “Furikomi Money Transfer Service” ay tumutukoy sa International Money Transfer Service sa pamamagitan ng Furikomi Money Transfer.
- (18) “Pre-registered International Money Transfer Service” ay ang pangkalahatang terminolohiya na tumutukoy sa Remit Card Money Transfer Service at Furikomi Money Transfer Service kung saan ang money transfer recipient ay dati nang nakarehistro.
- (19) “Deposit Card” ay tumutukoy sa card na ibinigay ng Kompanya para sa pagdeposito ng pera sa money transfer reserve account (na may kahulugang nakasaad sa Artikulo 7.1) para masagawa ang Internet Money Transfer.
- (20) “Online Application for Receiving Money Transfer” ay ang aplikasyon para sa International Money Transfer Receipt Service gamit ang Company Website.
- (21) “Application for Receiving Money Transfer by Telephone” ay ang aplikasyon para sa International Money Transfer Receipt Service gamit ang telepono.
- (22) “Receipt Agreement” ay tumutukoy sa kasunduan para makatanggap ng money transfer na isinasagawa gamit ang Online Application for Receiving Money Transfer o Application for Receiving Money Transfer by Telephone.
- (23) “SBI Remit NEOBANK” ay tumutukoy sa serbisyo kung saan ang Kompanya, bilang ahente ng SBI Sumishin Net Bank, Ltd. (“SSNB”), ay nagsisilbing tagapamagitan para makapagbukas ng bank account ang mga Customer sa remit branch ng SSNB (“SSNB Account”) at naglilipat ng remittance funds mula sa SSNB Account para makapagbigay ng Mobile Application Money Transfer Service. Ang pagkalap ng impormasyon patungkol sa SSNB Account at ang mga nilalamang impormasyon nito sa mga “customers” ay nakabatay sa mga pinagkatiwala ng SSNB sa Kompanya at hindi yung pinagkatiwala ng customers sa Kompanya.

Artikulo 3. (Paggamit ng Serbisyo)

1. Sa paggamit ng Serbisyo, kailangan ng Customer magpaparehistro bilang Miyembro alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo 4 hanggang 6 upang maging miyembro ng Kompanya. Ang paggamit ng Customer ng Serbisyo ay itinuturing na pag-sang-ayon nito sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito. Retroaktibong mag-aapply ang Mga Tuntunin at Kondisyon na ito mula sa oras ng pagrehistro ng isang Customer bilang Miyembro alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo 4 hanggang 7 at ang mga sumusunod na indibidwal ay hindi maaring gumamit ng mga serbisyo ng “Mobile Application’s Money Transfer Service”:

- (1) Mga indibidwal na hindi taga-Japan, at hindi naninirahan sa Japan

(2) Mga indibiwal na pansamantalang namamalagi sa Japan

2. Ayon sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito, maaaring gamitin ng Customer ang Mobile Application Money Transfer Service 24/7, sa bawat araw ng taon sa pamamagitan ng pag-install at paggamit ng Company Mobile Application sa cellphone, atbp.
3. Maaaring gamitin ng Customer ang Internet Money Transfer Service anumang oras at araw ng taon gamit ang kanilang kompyuter o cellphone, atbp. Na pwedeng kumonekta sa Internet (na tinatawag na “terminals”), o sa pamamagitan ng kahit anong pamamaraan na pinahihintulutan ng Kompanya.
4. Ayon sa mga probisyon ng Mga Tuntunin at Kondisyon na ito, maaring gamitin ng Customer ang Remit Card Money Transfer Service sa mga itinakdang oras ng mga kasosyong institusyong pinansyal ng Kompanya.
5. Ayon sa mga probisyon ng Mga Tuntunin at Kondisyon na ito, maaring gamitin ng Customer ang Furikomi Money Transfer Service sa mga itinakdang oras ng mga kasosyong institusyong pinansyal ng Kompanya.
6. Sa kabila ng nakasaad sa apat na naunang talata, ang Kompanya ay may karapatang itigil, isuspinde o ihinto ang parte o lahat ng Serbisyo para isagawa ang system maintenance, atbp. Na kailangan para sa patuloy na pagbibigay ng Serbisyo.
7. Kung panandaliang ihihinto ng Kompanya ang Serbisyo, kailangan muna nitong maglagay ng pahayag o anunsiyo sa Company Website; gayunpaman, kung kailangan agad ihinto ang Serbisyo dahil sa system failure, atbp., maaring itigil, isuspinde o ihinto ng Kompanya ang anumang parte o kabuuan ng Serbisyo nang walang paunang pahayag o anunsiyo.

Artikulo 4. (Mga Hakbang sa Pagpaparehistro Bilang Miyembro Gamit ang Mobile Application)

1. Kapag gamit ang Company Mobile Application upang mag-apply para sa Serbisyo, kailangan magrehistro ang Customer bilang isang Miyembro gamit ang Company Mobile Application sa pamamagitan ng pagsunod sa mga itinakdang tuntunin ng Kompanya, kasama ang pag-sang-ayon sa mga tuntunin at kondisyon na itinakda ng Kompanya.
2. Bukod sa mga nabanggit, maaaring tawagan ng Kompanya ang Customer sa telepono, atbp. kung tingin nitong kinakailangan.
 - (1) Ang Customer ay kinakailangan na patunayan ang kanyang sariling “email-address” sa pamamagitan ng pagsasaayos ng kanyang Login Password at pag-rerehistro ng kanyang “email address” gamit ang Mobile Application ng Kompanya. Ang Customer na matagumpay na mapatunayan ang kanyang “email-address” alinsunod sa probisyon na ito ay tatawaging “Provisional Member”
 - (2) Matapos mapatunayan ang kanyang “email address” ang Customer ay kailangang mag-log in gamit ang kanyang username na ibinigay ng Kompanya at ang “Login Password” na isinaayos ng Customer at isaayos ang “Transaction Password”
 - (3) Ang Kompanya ay kinakailangan na irehistro ang “Customer Information”, katulad ng tirahan, and atbp. na tinutukoy dito bilang; “Member Information” at isagawa ang pagkumpirma ng kanyang pagkakakilanlan alinsunod sa “Act on Prevention of Transfer of Criminal Proceeds (Act o. 22 of 2007, kabilang ang mga sumunod na pagbabago na siya rin’ ginagamit dito) at and Foreign Exchange and Foreign Trade Act na tinutukoy dito, pag pinagsama sama ay “Acts on Prevention of Transfer of Criminal Proceeds, atbp.) Ang pagkumpirma ng pagkakakilanlan ay isinasagawa sa paraang tinalaga ng Kompanya.

Terms and Conditions of International Money Transfer Transactions

Tagalog Version

3. Hindi marerehistro ang Customer kung hindi makumpirma ng Kompanya ang kanyang pagkakakilanlan gamit ang pamamaraang nakasaad sa naunang talata, o kung hindi nito makontak ang Customer sa kabila ng mga pagtatangka nito. Hindi rin marerehistro ang Customer kapag ang Kompanya ay may pagdududa sa impormasyong ibinigay ng Customer. Walang kahit anong pananagutan ang Kompanya para sa anumang pinsala o kawalang maaaring matamo o maidulot sa Customer dahil sa pagtanggap ng Kompanyang irehistro ito bilang Miyembro.
4. Magsasagawa ang Kompanya ng registration screening para sa mga Customer na nakatapos ng pagkukumpirma ng pagkakakilanlan.
5. Kapag pumasa ang Customer sa registration screening ng Kompanya, ang Customer ay magiging isa nang ganap na Miyembro ng Serbisyo.
6. Ang mga Customers na naging mga “Provisional Members” ay maaring gamitin ang mga sumusunod na “functions” ng Mobile Application ng Kompanya.

- (1) Money Transfer Rate Confirmation
- (2) Money Transfer Simulation
- (3) Money Transfer Recipient Registration

Artikulo 5. (Mga Hakbang sa Pagpaparehistro Bilang Miyembro Gamit ang Internet)

1. Kapag gamit ang Internet upang mag-apply para sa Serbisyo, kailangan magrehistro ang Customer bilang isang Miyembro sa Company Website sa pamamagitan ng pagsunod sa mga itinakdang tuntunin ng Kompanya, kasama ang pagpaparehistro ng “member information”.
2. Pagkatanggap ng aplikasyon ng Customer, ito ay susuriin ng Kompanya. Kung ang aplikasyon ay awtorisado, kukumpirmahin ng Kompanya ang pagkakakilanlan ng Customer gamit ang isa sa mga sumusunod na paraan na tinalaga ng Kompanya alinsunod sa Act on Prevention of Transfer of Criminal Proceeds, at magbibigay ang Kompanya ng pansamantalang login password sa Customer. Maari ding tumawag ang Kompanya sa telepono ng Customer, atbp. kung tingin nito ay kinakailangan.
3. Hindi marerehistro ang Customer kung hindi makumpirma ng Kompanya ang kanyang pagkakakilanlan gamit ang pamamaraang nakasaad sa naunang talata, o kung hindi nito makontak ang Customer sa kabila ng mga pagtatangka nito. Hindi rin marerehistro ang Customer kapag ang Kompanya ay may pagdududa sa impormasyong ibinigay ng Customer. Walang kahit anong pananagutan ang Kompanya para sa anumang pinsala o kawalang maaaring matamo o maidulot sa Customer dahil sa pagtanggap ng Kompanyang irehistro ito bilang Miyembro.
4. Ang Customer na nakapagrehistro gamit ang Internet ay dapat: (1) mag login sa Services page ng Company Website gamit ang pansamantalang login password na ibinigay ng Kompanya ayon sa talata 2 at ang user name na itinakda ayon sa talata 1, (ii) kumpirmahin na ang member information na ibinigay sa pagrerehistro ay tama, at kung may mga mali o kailangan palitan, ipaalam sa Kompanya ang tamang member information ayon sa prosesong itinakda, (iii) sumang-ayon sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito na nakalagay sa Services page, at (iv) sundan ang proseso para: (1) palitan ang pansamantalang login password, at (2) gumawa ng transaction password.
5. Ang rehistrasyon para maging Miyembro ay makukumpleto kapag ito ay nakagawa na ng login password at transaction password ayon sa naunang talata. Kapag ito ay nakumpleto, ang Customer ay magiging isa nang ganap na Miyembro ng Serbisyo.

Artikulo 6. (Mga Hakbang sa Pagpaparehistro Bilang Miyembro Gamit ang Telepono)

1. Kapag nag-apply ang Customer para maging Miyembro gamit ang telepono o iba pang uri ng komunikasyon na pinahihintulutan ng Kompanya, dapat sundin ang mga proseso na itinakda ng Kompanya, kasama na ang pagbibigay ng member information.

2. Pagkatanggap ng aplikasyon ng Customer, ito ay susuriin ng Kompanya. Kung ang aplikasyon ay pinahintulutan, kukumpirmahin ng Kompanya ang pagkakakilanlan ng Customer gamit ang isa sa mga sumusunod na paraanng tinalaga ng Kompanya alinsunod sa Act on Prevention of Transfer of Criminal Proceeds, atbp. at ipapadala ng Kompanya ang transaction documents (na maaaring may kasamang Remit Card) sa Customer.
Maaari ding tumawag ang Kompanya sa telepono ng Customer, atbp. kung tingin nito ay kinakailangan.
3. Ang Customer na tatanggap ng transaction documents ayon sa naunang talata ay magiging Miyembro ng Serbisyo.
4. Hindi marerehistro ang Customer kung hindi makumpirma ng Kompanya ang kanyang pagkakakilanlan gamit ang pamamaraang nakasaad sa naunang talata, o kung hindi nito makontak ang Customer sa kabila ng mga pagtatangka nito ayon sa Artikulo 5(2). Hindi rin marerehistro ang Customer kapag ang Kompanya ay may pagdududa sa impormasyong binigay ng Customer. Walang kahit anong pananagutan ang Kompanya para sa anumang pinsala o kawalang maaaring matamo o maidulot sa Customer dahil sa pagtangi ng Kompanyang irehistro ito bilang Miyembro.
5. Kapag may pagkakamaling nadiskubre o may kailangang palitan sa member information na ibinigay sa Kompanya, kailang agarang ipaalam ng Customer sa Kompanya ang tamang member information gamit ang prosesong itinakda ng Kompanya.

Artikulo 7. (Mga Hakbang sa Personal na Pagpaparehistro Bilang Miyembro)

1. Kapag nag-apply nang personal ang Customer para maging Miyembro, dapat nitong sundin ang mga prosesong itinakda ng Kompanya para sa pagpaparehistro para maging Miyembro.
2. Pagkatanggap ng aplikasyon ng Customer, susuriin ito ng Kompanya para makumpirma ang pagkakakilanlan ng Customer batay sa Act on Prevention of Transfer of Criminal Proceeds atbp. Kung ang aplikasyon ay awtorisado, bibigyan ng abiso ng Kompanya ang Customer gamit ang prosesong itinakda ng Kompanya.
3. Ang Customer na makakatanggap ng nasabing abiso ayon sa naunang talata ay magiging Miyembro ng Serbisyo.

Artikulo 8. (Money Transfer Reserve Account)

1. Magtatalaga ng account ang Kompanya para sa bawat Customer na naging Miyembro (“money transfer reserve account”) para gamitin sa pangangasiwa ng money transfer reserve at ang perang matatanggap gamit ang money transfer receipt service (na tatawaging “money transfer received”).
2. Ang mga Customer na gumagamit ng Mobile Application Money Transfer Service o Internet Money Transfer Service ay kailangang magdeposito ng pera sa money transfer reserve account gamit ang alinman sa mga pamamaraang nakasaad dito. Japanese yen lamang ang maaaring ideposito sa money transfer service account, at responsibilidad ng Customer na siguarduhing makumpleto ang pagdeposito ng money transfer reserve sa money transfer reserve account. Ang pagdeposito ay maaaring sa pamamagitan ng mga sumusunod:
 - (1) Bank transfer na galing sa bank account ng Customer (kasama ang Japan Post Bank Co., Ltd.);
 - (2) Convenience store payment slip; o
 - (3) Deposit Card.
3. Ang mga Customer na gumagamit ng Pre-registered International Money Transfer Service ay kailangang magdeposito ng pera sa money transfer reserve account gamit ang Remit Card na ipinahiram ng Kompanya, o sa pamamagitan ng paglilipat ng pera. Japanese yen lamang ang maaaring ideposito sa money transfer service account, at responsibilidad ng Customer na siguarduhing makumpleto ang pagdeposito ng money transfer reserve sa money transfer reserve account.

4. Nauunawan at sumasangayon ang Customer na ang deposito sa money transfer reserve account, alinsunod sa Artikulo na ito, ay tinatanggap lamang bilang money transfer reserve, na naiiba sa pagtanggap ng deposito, savings o installment savings, atbp. (na may kahulugang nakasaad sa Artikulo 2, Talata 4 ng Banking Act (Act No. 59 of 1981, at mga rebisyon nito) na isinasagawa ng mga bangko, atbp., kaya walang interes na kikitain ang deposito sa money transfer reserve account at hindi ito dapat lagyan ng perang hindi nakalaan para sa remittance.

Artikulo 9. (Kumpirmasyon ng Estado ng Paggamit ng Serbisyo, atbp.)

1. Maaaring suriin ng Customer ang talaan ng mga aktibidad, at balanse sa money transfer reserve account, at mga talaan ng paggamit ng Serbisyo sa Company Website.
2. Pinag-iingat at itinatabi ng Kompanya ang mga talaan ng paggamit ng Serbisyo ng mga Customer sa loob ng makatwirang haba ng panahon. Kapag may duda sa pagitan ng Kompanya at Customer tungkol sa mga detalye ng paggamit ng Serbisyo, ang talaan ng Kompanya ay ituturing bilang tama o wastong tala ng mga nilalaman nito.

Artikulo 10. (Pagsauli ng Money Transfer Reserve)

1. Maaaring maisauli sa Customer ang money transfer reserve mula sa money transfer reserve account nito gamit ang Company Mobile Application o Company Website o ang ibang pamamaraan na itinakda ng Kompanya.
2. Ang paraan ng pagsauli ng money transfer reserve na nakasaad sa naunang talata ay limitado lamang sa bank transfer sa isang bank savings account na nasa pangalan ng Customer.
3. Magbabayad ng withdrawal fee ang Customer ayon sa Artikulo 38.1(4) para sa pag-withdraw ng money transfer reserve na nakasaad sa naunang dalawang talata.
4. Ang paraan ng pagbabayad ng withdrawal fee na nabanggit sa naunang talata ay sa pamamagitan ng pagbabawas ng halaga nito mula sa money transfer reserve na ibabalik sa Customer; gayunpaman, kapag ang halaga ng withdrawal fee ay mas mataas sa money transfer reserve na ibabalik, kailangang magbigay ng hiwalay na karagdagang bayad ang Customer. Kapag hindi maproseso ng Kompanya ang pagbalik ng money transfer reserve dahil hindi mabayaran ng Customer ang kumpletong withdrawal fees, o dahil hindi makumpleto ang paglipat ng pera sa bank account na itinalaga ng Customer sa kung anumang dahilan, hindi magkakaroon ng pananagutan ang Kompanya sa anumang pinsala o kawalang maaaring matamo o maidulot sa Customer dahil sa mga nabanggit.

Artikulo 11. (Pangangasiwa ng Passwords, atbp.)

1. Responsibilidad ng Customer na pangasiwaan nang mabuti ang kanyang username, login password, at transaction password (na tatawaging “password, atbp.”) tuwing gagamitin ng Customer ang Company Mobile Application o Company Website para sa paggamit ng mga Serbisyo, para hindi ito malaman ng ibang tao. Hindi maaaring ipahiram, ideposito, italaga, o ibigay bilang seguridad ng Customer ang kanyang password, atbp. sa ibang tao.
2. Kailangan palitan ng Customer ang password, atbp. gamit ang pamamaraan na itinakda ng Kompanya kapag nawala ang kanyang password, atbp. o kaya may posibilidad na nabunyag ito sa ibang tao.
3. Hindi mananagot ang Kompanya sa Customer na lumabag sa mga nasasaad sa naunang dalawang talata, o sa Customer na nagsiwalat o nagbunyag ng kanyang password, atbp. sa ibang tao.
4. Bawal gumamit ng login password at transaction password na magkaparehas o magkahawig sa user name, katulad ng sa numero na ibinigay ng Kompanya, para kilalanin ang Customer na tinatawag dito na “Customer Number”, katulad ng Customer’s e-mail address, na gawa lamang sa numero, malalaking letra, maliliit na letra o mga simbolo, or pagka-sunod suno ng numerong walo (8) o higit pa, o ng iba pang sa tingin ng Kompanya na hindi nararapat.

5. Maaaring palitan maya't maya ng Customer ang kanyang password, atbp. gamit ang Company Mobile Application o Company Website. Para sa mga nagpapalit ng password, atbp. susuriin ng Kompanya ang pagkakakilanlan ng Customer gamit ang pamamaraang itinakda sa Artikulo 13.
6. Susundan ng Kompanya ang pamamaraang itinakda nito kapag nawala ng Customer ang kanyang password, atbp. Maaaring mag-apply ng pansamantalang login password ang Customer sa Kompanya gamit ang itinakdang pamamaraan kapag ang kanyang pagkakakilanlan ay hindi makumpirma gamit ang kanyang password, atbp. Mabibigyan ng pansamantalang password ang Customer pagkatapos matanggap ng Kompanya ang kanyang aplikasyon, at kapag napagdesisyunan nitong magbigay ng pansamantalang password sa Customer. Pagkatapos makuha ng Customer ang kanyang login password: (1) dapat niya itong palitan at gumawa ng sariling login password, at (2) gumawa din ng transaction password.
7. Kapag paulit-ulit na nagpasok ang Customer ng password na naiiba sa kanyang login o transaction password nang higit sa dami ng beses na itinakda ng Kompanya, pansamantalang ihihinto ng Kompanya ang pagtanggap at pagproseso ng password ng Customer sa panahong itinakda ng Kompanya.

Artikulo 12. (Pamamahala, atbp. ng Remit Card at Deposit Card)

1. Magpapahiram ang Kompanya ng Remit Card sa mga Customer na nag-apply para gamitin ang Remit Card Money Transfer Service. Maliban dito, ang Kompanya ay magpapahiram din ng Debit Card sa mga Customer na nag-apply para gamitin ang Internet Money Transfer Service at gustong gumamit ng Deposit Card.
2. Mananatiling pag-aari ng Kompanya ang Remit Card at Deposit Card. Responsibilidad ng Customer na gamitin ng maayos at pangalagaan gaya ng pangangalaga ng mabuting tagapangasiwa, ang Remit Card at Deposit Card, at ang pangalan ng Customer, customer number, atbp. (na tinatawag na "card information") na makikita dito.
3. Ang Remit Card at Deposit Card ay maari lamang gamitin para sa International Money Transfer Service at hindi maaaring gamitin para sa ibang layunin.
4. Bawal ipahiram, ideposito, itataga, o ibigay bilang security ang Remit Card o Deposit Card sa ibang tao, o ideposito o ipagamit sa ibang tao ang kanyang card information.
5. Bawal palsipikahin or palitan, o payagan ang iba na palsipikahin o palitan ang Remit Card o Deposit Card.
6. Kapag nawala, nanakaw, nasira, atbp. ang Remit Card o Deposit Card, o kaya'y nawala, nakuha o napalitan ang card information, dapat na agad umakson ang Customer batay sa prosesong itinakda ng Kompanya. Hindi magiging pananagutan ng Kompanya at ng Correspondent ang anumang pinsala o kawalan ng Customer bunga ng mga nasabing pangyayari.
7. Kung sakaling mangyari ang kaganapan sa naunang talata, maaaring mabigyang muli ng Remit Card o Deposit Card ang Customer pagkatapos magbayad ng halagang itinakda ng Kompanya para dito.
8. Maaaring palitan ng Kompanya ang Customer number na nakalagay sa Remit Card or Deposit card kapag kinakailangan ayon sa operasyon ng Kompanya katulad halimbawa ng pamamahala at pagbigay proteksyon sa card information.
9. Kapag may makatwirang basehan ang Kompanya para isipin na ang Customer ay lumabag sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito, o kapag hindi sumasangayon ang Customer sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito, o kapag kinakailangan base sa paniniawala ng Kompanya, kailangang isauli ng Customer ang Remit Card o Deposit Card, o gupitin ito at itapon.
10. Ang probisyon ng Artikulo 12 ay may retroaktibong aplikasyon, mula sa panahong natanggap ng Customer ang Remit Card o Deposit Card.

Artikulo 13. (Pagkumpirma ng Pagkakakilanlan sa Oras ng Pagsasagawa ng Mobile Application Money Transfer o Internet Money Transfer)

1. Kailangang kumpirmahin ng Kompanya ang pagkakakilanlan ng Customer na gagamit ng Mobile Application Money Transfer Service o Internet Money Transfer Service sa pamamagitan ng paghahambing ng password, atbp. na ginamit para mag login sa Services page ng Company Mobile Application o Company Website, o sa paggamit ng Serbisyo, sa password atbp. na itinakda ayon sa Artikulo 4.4 o Artikulo 5.4, para masigurong magkaparehas ito.
2. Kapag ang isang Customer ay itinuring na lehitimong Customer base sa kumpirmasyon ng pagkakakilanlan na isinagawa ayon sa naunang talata, ituturing ng Kompanya ang mga transaksyong batay sa nasabing kumpirmasyon, na tama, kahit na may nangyaring palsipikasyon, modipikasyon, pagnanakaw, di-awtorisadong paggamit, atbp. sangkot ang password, atbp., at ang Kompanya at Correspondent ay walang anumang pananagutan para sa pinsala o kawalan na dulot ng mga kaganapang nabanggit.

Artikulo 14. (Pagkumpirma ng Pagkakakilanlan sa Oras ng Pagsasagawa ng Remit Card Money Transfer)

1. Kukumpirmahin ng Kompanya ang pagkakakilanlan ng Customer na gagamit ng Remit Card Money Transfer Service kapag siya ay nagdeposito sa money transfer reserve account gamit ang Remit Card.
2. Kapag ang isang Customer ay itinuring na lehitimong Customer base sa kumpirmasyon ng pagkakakilanlan na isinagawa ayon sa naunang talata, ituturing ng Kompanya ang mga transaksyong batay sa nasabing kumpirmasyon, na tama, kahit na may nangyaring palsipikasyon, modipikasyon, pagnanakaw, di-awtorisadong paggamit, atbp. sangkot ang password, atbp., at ang Kompanya at Correspondent ay walang anumang pananagutan para sa pinsala o kawalan na dulot ng mga kaganapang nabanggit.

Artikulo 15. (Pagkumpirma ng Pagkakakilanlan sa Oras ng Pagsasagawa ng Furikomi Money Transfer)

1. Hinggil sa pagdeposito ng Customer sa money transfer reserve account, kukumpirmahin ng Kompanya ang pagkakakilanlan ng Customer na gagamit ng Furikomi Money Transfer Service kapag siya ay nagdeposito sa institusyong pinansyal na itinakda ng Kompanya mula sa bank account na nasa pangalan ng Customer. Kapag ang isang Customer ay itinuring na lehitimong Customer base sa kumpirmasyon ng pagkakakilanlan na isinagawa ayon sa naunang talata, ituturing ng Kompanya ang mga transaksyong batay sa nasabing kumpirmasyon, na tama, kahit na may nangyaring palsipikasyon, modipikasyon, pagnanakaw, di-awtorisadong paggamit, atbp. sangkot ang password, atbp., at ang Kompanya at Correspondent ay walang anumang pananagutan para sa pinsala o kawalan na dulot ng mga kaganapang nabanggit.
2. Para sa mga Customer na nagdeposito ng pera gamit ang paraang nakasaad sa naunang talata, kailangan nitong panatilihin lihim ang account number na ibinigay ng Kompanya, at huwag ipaalam, isiwalat, o ipagamit ang account number sa ibang tao. Kapag nakalimutan ng Customer ang kanyang account number o kapag nalaman ito ng ibang tao, kailangan ipaalam agad ito ng Customer sa Kompanya at sundan ang mga panuto ng Kompanya.

Artikulo 16. (Muling Pagkumpira ng Pagkakakilanlan, atbp.)

Kahit tapos na ang kumpirmasyon ng pagkakakilanlan alinsunod sa “Terms and Conditions”, kapag kailangang siguraduhin ang pagkakakilanlan ng Customer ayon sa Act on Prevention of Transfer of Criminal Proceeds atbp., o kapag sa opinyon ng Kompanya, ito ay kinakailangan.

Artikulo 17. (Pagbabago sa Member Information)

1. Kapag ang pangalan, tirahan, o member information ng Customer na ibinigay sa Kompanya ay nagbago o napalitan, kailangang gawin agad ng Customer ang mga hakbang na itinakda ng Kompanya para sa pagpapalit ng member information.
2. Ang Kompanya ay hindi mananagot kung may mangyaring pinsala o kawalan sa Customer kahit na ang member information na ibinigay sa Kompanya ay impormasyong tumutukoy sa ibang tao.
3. Walang kahit anong pananagutan ang Kompanya para sa anumang pinsala o kawalang maaaring matamo o maidulot sa Customer dahil sa pagbabago ng member information, o dahil sa hindi niya pagsunod o pagsagawa ng mga hakbang na itinakda ng Kompanya para sa pagpapalit ng member information.

Article 18. (Pamamaraan ng Anunsiyo at Abiso)

1. Sumasang-ayon ang Customer na ang mga anunsiyo at abiso ng Kompanya ayon sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito ay gagawin o ilalathala sa Company Mobile Application o Company Website, o sa pamamagitan ng SMS, e-mail, at iba pang paraan.
2. Sumasang-ayon ang Customer na kapag ang anumang anunsiyo o abiso na ipinadala sa e-mail, telepono o tirahan ng Customer ay naantala o hindi dumating dahil sa isyu sa komunikasyon, o depekto o kabiguang palitan ang member information, o iba pang rason na hindi kasalanan ng Kompanya, ang anunsiyo o abiso ay ituturing na dumating sa tamang oras.
3. Maaaring magrehistro ang Customer ng mahigit sa isang e-mail address, ayon sa mga tuntunin ng Kompanya. Maliban na lamang kung sabihin ng Kompanya, ang impormasyon na hinihingi ng Customer ay ipapadala ng Kompanya sa e-mail address na tinukoy ng Customer.
4. Ang mga Customers ay sumasang-ayon na ang Kompanya ay maaring ibahagi ang mga nilalaman ng iba't-ibang "Terms and Conditions", pagsasalarawan, (kasama ng mga pagbabago nito), iba't ibang gabay, kasaysayan ng transaksyon atbp. sa pamamagitan ng "electromagnetic means" na binigay ng Kompanya, tulad ng "Company's Website, "Company's Mobile Application", e-mail, atbp., sa halip na ipadala ito sa pamamagitan ng sulat. Maaring maipadala sa pamamagitan ng sulat, ang iba pang mga documento.

Artikulo 19. (Mga Pinagbabawal na Assignment at Pledges, atbp.)

1. Bawal ilipat, ipahiram, i-pledge o igawad sa ibang tao ang mga karapatan ng Customer na makipag-transaksyon sa Kompanya, o pahintulutan ang ibang tao na gamitin ang mga karapatang ito, nang walang paunang pahintulot mula sa Kompanya.
2. Walang kahit anong pananagutan ang Kompanya para sa anumang pinsala o kawalang maaaring matamo o maidulot sa Customer na lumabag sa mga probisyon ng naunang talata.

Artikulo 20. (Paghadlang sa Antisocial Forces)

1. Inihahayag ng Customer na ito at ang kanyang mga opisyal ay hindi isang organized crime group o miyembro (o tila miyembro) nito, ngayon o sa nakalipas na limang taon, o kasama sa organisasyon na kaakibat ng organized crime group, o isang corporate racketeer, atbp., o partido na kumikilos sa ilalim ng aktibismo sa lipunan o mga tulad nito, o marahas na organisasyon na gumagamit ng dalubhasang kaalaman, o mga katulad na grupo (na tinatawag na "organized crime group members, atbp.")). Ipinapahayag din ng Customer na ang mga sumusunod ay hindi nag-aapply sa kanya ngayon o sa hinaharap:
 - (1) relasyon kung saan ang Customer ay kontrolado ng organized crime group members, atbp.;
 - (2) relasyon kung saan ang organized crime group members, atbp. ay may malaking partisipasyon sa pamamahala ng Customer;

- (3) relasyon kung saan ang Customer ay maituturing na gumagamit ng organized crime group members, atbp. sa maling paraan, katulad ng pakikinabang o pagkita ng ilegal para sa sarili o sa kanyang kompanya o para sa ibang tao, o para mapahamak ang ibang tao;
 - (4) relasyon kung saan ang Customer ay maituturing na kasabwat o kaakibat ang organized crime group members, atbp. sa pamamagitan ng pagbibigay ng pondo o mga pabor dito;
 - (5) ang opisyal o taong namamahala sa Customer ay may relasyon sa organized crime group members, atbp. na hindi katanggap-tanggap sa lipunan.
2. Nangangako ang Customer na hindi gagawin o gagamit ng ibang tao para gawin ang mga sumusunod:
 - (1) Paghingi sa marahas na pamamaraan;
 - (2) Paghingi ng walang basehan sa mga bagay na higit sa legal na responsibilidad ng taong hinihingan;
 - (3) Karahasan o mapagbantang pananalita ukol sa isang transaksyon;
 - (4) Pagkakalat ng tsismis, paggamit ng panlilinlang o karahasan para masira ang reputasyon ng Kompanya o ang negosyo ng Kompanya; o
 - (5) Iba pang mga gawain na kaparehas ng mga ito.
 3. Kapag may pinsala o kawalang natamo o naidulot sa Kompanya dahil sa paglabag ng Customer sa mga obligasyong nakasaad sa naunang dalawang talata, ang Customer ang mananagot sa nasabing pinsala o kawalan ng Kompanya at may responsibilidad na bayaran ito.

Artikulo 21. (Pagkansela ng Membership, at mga Limitasyon sa Transaksyon)

1. Maaaring ikansela ng Customer ang kanyang pagiging Miyembro pagkatapos sundan ang mga hakbang na itinakda ng Kompanya para dito.
2. Maaaring itigil ng Kompanya ang Serbisyo, o ang membership ng Customer ng walang paunang paalam o rason, kapag isa sa mga nakalista sa ibaba ay nag-aapply sa Customer. Sa sitwasyong ito, walang obligasyon ang Kompanya na ipaliwanang ang rason sa pagkansela ng Serbisyo o membership ng Customer. Ang halagang naiwan sa money transfer reserve account sa oras ng kanselasyon ng membership ay isasauli sa paraang nakasaad sa ika-limang (5) talata.
 - (1) Hindi mabayaran ng Customer ang kanyang mga utang sa takdang panahon, o may isinampang petisyon laban sa Customer para sa bankruptcy procedures, civil rehabilitation procedures, corporate reorganization procedures o special liquidation procedures;
 - (2) May ipinadalang order o notice ng provisional attachment, preservative attachment o attachment sa Customer;
 - (3) Nagsimula na ang succession nito;
 - (4) Hindi mahanap ang Customer at walang nakakaalam ng kanyang pinaroroonan;
 - (5) Hindi ginamit ng Customer ang Serbisyo ng mahigit dalawang taon;
 - (6) Maituturing na ginamit o gagamitin ang Serbisyo para sa ilegal na gawain, na labag sa mga batas, kaayusang pampubliko, o moralidad;
 - (7) Walang taong tumutugma sa detalye ng Customer, o ang Customer, ay narehistro ng iba ng walang pahintulot mula sa Customer;
 - (8) Nadiskubre na ang impormasyong isinumite o dokumentong binigay ng Customer ay hindi totoo;
 - (9) Hindi isinumite ng Customer ang mga hininging dokumento (gaya ng residence card, at iba pa) kahit may pakiusap na isumite ito para sa pagkumpirma ng pagkakakilanlan, atbp. ng Customer ayon sa Artikulo 16 (kasama ang mga sitwasyon kung saan (i) ang Kompanya ay hindi tinawagan o subukang makontak ng Customer bago ang itinakdang petsa ng Kompanya, (ii) ang abiso ng Kompanya sa Customer para magsumite ng mga dokumento ay naipadala sa tirahang itinalaga ng Customer pero ang abiso ay ibinalik bilang undeliverable, at (iii) hindi makausap ng Kompanya ang Customer gamit ang ibinigay na numero ng telepono;
 - (10) Naganap ang pangyayari o mga pangyayari na kasama sa mga batayan ng pagkansela ng kasunduan ayon sa mga regulasyon ng Kompanya para sa mga transaksyon nito;

- (11) Nilabag ng Customer ang Mga Tuntunin at Kondisyon na ito o mga regulasyon sa transakyon ng Kompanya;
 - (12) Nilabag o maaaring nilabag ng Customer ang probisyon sa Artikulo 20.1 o 20.2;
 - (13) Kapag humiling ang Kompanya na magsagawa ng panayam para mabantayan o masubaybayan ang mga transakyon ayon sa Artikulo 40.1, o kapag humingi ang Kompanya ng mga dokumento na sumusuporta sa resulta ng panayam ayon sa Artikulo 40.2 (kasama ang mga sitwasyon kung saan (i) ang Kompanya ay hindi tinawagan o subukang macontact ng Customer bago ang itinakdang petsa ng Kompanya, (ii) ang abiso ng Kompanya sa Customer para magsumite ng mga dokumento ay naipadala sa tirahang itinalaga ng Customer pero ang abiso ay ibinalik bilang undeliverable, at (iii) hindi makausap ng Kompanya ang Customer gamit ang ibinigay na numero ng telepono);
 - (14) Kapag sa tingin ng Kompanya na ito ay kinakailangan, batay sa resulta ng pagsusubaybay sa mga transaksyon, o ng imbestigasyon ayon sa Artikulo 40;
 - (15) Ang paglipat ng pera ay ginawa gamit ang pera ng ibang tao; o
 - (16) Kapag may makatwirang basehan para itigil o kanselahin ng Kompanya ang Serbisyo.
3. Walang kahit anong pananagutan ang Kompanya para sa anumang pinsala o kawalang maaaring matamo o maidulot sa Customer dahil sa pagtigil ng Serbisyo o membership na naaayon sa naunang talata.
 4. Kapag nais kanselahin ng Customer ang kanyang membership dahil sa pagkahinto ng Serbisyo ayon sa talata 2 ng Artikulong ito, maaari itong magsumite ng aplikasyon para dito ayon sa pamamaraang itinakda ng Kompanya. Sa sitwasyong ito, maaaring magpasumite ang Kompanya ng mga karagdagang dokumento para sa pagkumpirma ng pagkakakilanlan ng Customer at iba pang dokumento.
 5. Kapag ang Customer ay may halagang naiwan sa money transfer reserve account sa oras ng kanyang pagkansela ng membership ayon sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito, ang anumang pananagutan ang Kompanya sa Customer ay matatapos kapag naisauli na ng Kompanya sa Customer ang halagang naiwan sa money transfer reserve account ayon sa mga paraang itinalaga ng Kompanya.
 6. Responsibilidad ng Customer na bayaran ang fees sa pagsauli ng halagang nabanggit sa naunang talata. Ang paraan ng pagbabayand ng fees na nabanggit ay sa pamamagitan ng pagbabawas ng halaga nito mula sa money transfer reserve na ibabalik sa Customer; gayunpaman, kapag ang halaga ng withdrawal fee ay mas mataas sa money transfer reserve na ibabalik, kailangang magbayad ng hiwalay na karagdagang bayad ang Customer. Kapag hindi maproseso ng Kompanya ang pagbalik ng money transfer reserve dahil hindi mabayaran ng Customer ang kumpletong withdrawal fees, o dahil hindi makumpleto ang paglipat ng pera sa bank account na itinalaga ng Customer sa kung anumang dahilan, hindi mananagot ang Kompanya sa anumang pinsala o kawalang maaaring matamo o maidulot sa Customer dahil sa mga nabanggit.

Artikulo 22. (Pagbibigay-abiso sa Guardian ng Isang Taong nasa Hustong Gulang)

1. Kapag ang Customer ay ipinailalim sa pangangalaga ng tagapag-alalay, o sa curatorship o guardianship ayon sa utos o desisyon ng Family Court, kailangang agad na magpadala ng abiso ang Customer sa Kompanya na naglalaman ng pangalan at ibang kinakailangang impormasyon ukol sa kanyang guardian, atbp.
2. Kapag nagtalaga ang Family Court ng supervisor ng hinirang na guardian ng isang Customer, kailangang agad na magpadala ng abiso ang Customer sa Kompanya na naglalaman ng pangalan at ibang kinakailangang impormasyon ukol sa itinalagang supervisor ng kanyang guardian.
3. Kapag nakatanggap na ng desisyon ang Customer ukol sa pagsisimula ng kanyang pagsailalim sa pangangalaga ng tagapag-alalay, o sa curatorship o guardianship, o kapag naitalaga na ang supervisor ng kanyang hinirang na guardian, kailangang agad na magpadala ng abiso ang Customer sa Kompanya, sa paraang nakasaad sa naunang dalawang talata.
4. Kailangan din ipaalam ng Customer sa Kompanya kapag may nag-iba sa impormasyong binigay sa naunang tatlong talata.

5. Bago matanggap ng Kompanya ang abiso ayon sa mga naunang talata, walang pananagutan ang Kompanya sa anumang pinsala o kawalang maaaring matamo o maidulot sa Customer dahil sa hindi nito pagbigay agad ng abisong kinakailangan.

Artikulo 23. (Bayad-pinsala dahil sa System Failures, Natural na Kalamidad, atbp.)

1. Hindi mananagot ang Kompanya sa pinsala o kawalang maaaring matamo o maidulot sa Customer o sa ibang tao, sa mga sumusunod na sitwasyon:
 - (1) Kapag may pagkaantala, imposibilidad, atbp., sa pagbibigay ng Serbisyo dahil sa mga rason na hindi kasalanan ng Kompanya, gaya ng force majeure katulad ng natural na kalamidad, sunog o riot, atbp.; pagkukulang ng Customer, ng telecommunication carrier, o ng kagamitang pang-komunikasyon, linya, o kompyuter na pag-aari ng ibang tao, o dulot ng pagkagambala ng komunikasyon, atbp.; o mga aksyon ng korte o pampublikong ahensya;
 - (2) Kapag may pagkaantala, imposibilidad, atbp., sa pagbibigay ng Serbisyo dahil sa problema sa ng terminals, linya ng komunikasyon, o computers, atbp., sa kabila ng paggamit ng Kompanya ng makatwirang security measures; o
 - (3) Kapag may pagkaantala, imposibilidad, atbp., sa pagbibigay ng Serbisyo sa mga kadahilangang maiugnay sa Customer o ibang tao katulad ng maling pangalan ng money transfer recipient, atbp.
2. Hindi mananagot ang Kompanya sa pinsala o kawalang dulot ng pagkaalam ng ibang tao ng password ng Customer, atbp, o ng transaction information dahil sa pagka-tap ng pampublikong linya ng telepono, pribadong linya ng telepono, internet o ibang linya ng komunikasyon sa kabila ng pagpapatupad ng makatwirang security measures ng Kompanya.

Artikulo 24. (Pananagutan)

1. Hindi mananagot ang Kompanya o Correspondent sa anumang paraan dahil sa anumang insidente, hindi direkta o bunga ng pinsala o nawalang kita, atbp. na natamo ng mga customer kaugnay sa mga Services. Gayunpaman, mananagot ang Kompanya o ang Correspondent kung sila ay kumilos ng sadya o mayroong labis na kapabayaan.
2. Hindi magiging pananagutan ng Kompanya o ng Correspondent ang anumang pinsalang higit sa:
 - (1) halaga ng inilipat na pera at ang money transfer fee na binayaran ng customer o
 - (2) ang halaga ng money transfer na natanggap ng isang customer na may kaugnayan sa Mga Serbisyo. Gayunpaman, mananagot ang Kompanya o ang Correspondent kung sila ay kumilos ng sadya o mayroong labis na kapabayaan.
3. Hindi magiging pananagutan ng Kompanya o ng Correspondent sa anumang paraan ang anumang pagkakaantala, hindi paghahatid, hindi pagbabayad o kulang sa pagbabayad, atbp. dahil sa mga kadahilangang wala sa kontrol ng Kompanya, tulad ng mga kadahilang alinsunod sa batas ng bansa kung saan dinala ang pera na gamit ang Services upang ipadala ang pera. Gayunpaman, mananagot ang Kompanya o ang Correspondent kung sila ay kumilos ng sadya o mayroong labis na kapabayaan.

Artikulo 25. (Application ng *Mutatis Mutandis* sa Mga Tuntunin at Kondisyon)

Anumang bagay hinggil sa mga transaksyon na may kaugnayan sa Serbisyo sa pagitan ng Kompanya at ng Customer na hindi sakop o nakasaad sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito ay pangangasiwaan ayon sa iba't ibang regulasyon na bukod na itinakda ng Kompanya para sa mga transaksyon nito. Ang mga tuntunin at kondisyon, atbp. na bukod na itinakda ng Kompanya ay nakalagay sa Company Mobile Application o Company Website.

Artikulo 26. (Mga Pagbabago sa Mga Tuntunin at Kondisyon)

Maaaring baguhin ng Kompanya ang nilalaman ng Mga Tuntunin at Kondisyon na ito. Sa ganoong pagkakataon, magbibigay anunsyo ang Kompanya sa kanilang Company Mobile Application o Company Website bago ang araw ng pagsasabisa ng mga pagbabago sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito, kasama ang petsa ng pagsasabisa ng pagbabago at ang nilalaman ng pagbabago. Mula sa petsa ng pagsasabisa ng mga nasabing pagbabago at sa mga araw pang kasunod nito, pangangasiwaan ng Kompanya ang mga bagay-bagay na saklaw ng Mga Tuntunin at Kondisyon ayon sa mga pagbabagong ipinatupad.

Artikulo 27. (Umiiral na Batas at Napagkasunduang Hurisdiksyon)

1. Ang mga transaksyon sa pagitan ng Kompanya at Customer alinsunod sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito ay susunod sa mga batas na pinapairal sa Japan.
2. Kung may kaso na kinakailangang isampa sa pagitan ng Kompanya at isang Customer na may kaugnayan sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito, ang Tokyo District Court ay binibigyan ng una at eksklusibong hurisdiksyon sa naturang kaso.
3. Kung sakaling may pagkakaiba sa interpretasyon sa isinalin na mga bersyon at sa Japanese na bersyon ng Mga Tuntunin at Kondisyon na ito, ang Japanese na bersyon ang bibigyan ng higit na kahalagahan.

Artikulo 28. (Pangangasiwa ng Personal na Impormasyon)

1. Sumasang-ayon ang mga Customer na pangangasiwaan ng Kompanya ang kani-kanilang personal na impormasyon ayon sa “Privacy Policy” at sa “Handling of Personal Information” ng Kompanya.
2. Ang “Privacy Policy” ng Kompanya at ang “Handling of Personal Information” ay nakalagay sa Company Mobile Application o Company Website.

Artikulo 28-2. (Mga Espesyal na Probisyon para sa SBI Remit NEOBANK)

1. Sumasang-ayon ang mga Customer na gumagamit ng serbisyo na SBI Remit NEOBANK na maaaring ibigay ng Kompanya sa SSNB ang impormasyon nito na may kaugnayan sa pagkumpirma ng pagkakakilanlan ng Customer alinsunod sa Artikulo 4. Sumasang-ayon din ang mga Customer na maaaring ibigay ng Kompanya ang kanilang impormasyon sa SSNB kung kinakailangan upang magampanan ang mga Serbisyo o SBI Remit NEOBANK.
2. Ang mga Customer na gumagamit ng serbisyo na SBI Remit NEOBANK ay sumasang-ayon na maaaring ibigay ng SSNB ang pangalan ng Customer na may-ari ng bank account at account number nito sa Kompanya, sa host company, at sa tagapangasiwang organisasyon kapag natapos ang pagbubukas ng account sa SSNB.
3. Ang paraan ng pagdeposito sa money transfer reserve account ng isang Customer na gumagamit ng serbisyo na SBI Remit NEOBANK ay limitado sa direktang paglilipat mula sa SSNB Account sa pangalan ng naturang Customer. Ang pagdeposito sa money transfer reserve account ay dapat gawin gamit ang Japanese Yen.
4. Sumasang-ayon ang mga customer na gumagamit ng SBI Remit NEOBANK na maaaring ibunyag ng Kompanya ang impormasyon ukol sa pagpapadala ng mga customer sa mga outsourcing contractor ng Kompanya para sa layuning kumpirmahin ng mga outsourcing contractor ang bayad sa komisyon at ang kalagayan ng remittance ng mga ipinakilalang Miyembro.

5. Kapag nakatanggap ang Kompanya ng return notification form patungkol sa isang Customer na gumagamit ng serbisyo na SBI Remit NEOBANK mula sa tagapangasiwang organisasyon, ibabahagi ng Kompanya ang naturang form sa SSNB.
6. Ang mga Customer na gumagamit ng serbisyo na SBI Remit NEOBANK ay dapat magbayad ng mga itinakdang transfer fees at administrative handling fees. Makikita ang mga fees sa URL na ito. (URL: <https://www.remit.co.jp/kaigaisoukin/exchangeratecommission/commission/>)
Maaaring baguhin ng Kompanya ang mga fees na itinakda sa talatang ito sa pamamagitan ng pagbibigay abiso sa Company Website ukol sa petsa ng pagbabago at mga detalye nito.
 - (1) Ang transfer fees ay ang babayaran para sa paglilipat ng settlement funds mula sa SSNB Account ng Customer patungo sa money transfer reserve account nito sa oras na mag-apply ang Customer para sa International Money Transfer Service, at ibabawas ito mula sa SSNB Account ng Customer nang hiwalay sa halaga ng money transfer.
 - (2) Ang administrative handling fees ay ang babayaran para sa mga administratibong proseso, tulad ng suporta sa Customer habang ginagamit nito ang serbisyo; pagsasara ng account kapag bumalik na ang Customer sa sariling bansa nito; at paglilipat ng pera sa Customer pagkatapos niyang bumalik sa sariling bansa. Ang administrative handling fees ay ibabawas mula sa SSNB Account ng Customer sa susunod na buwan pagkatapos ang pagbubukas ng account ng Customer.

Ikalawang Kapitulo (International Money Transfer Service)

Artikulo 29. (Aplikasyon para sa Mobile Application Money Transfer Service o Internet Money Transfer Service)

1. Magagamit ng Customer ang Mobile Application Money Transfer Service o Internet Money Transfer Service sa pamamagitan ng paggamit ng Company Mobile Application o pag-access sa Company Website ayon sa mga pamamaraan at proseso na itinakda ng Kompanya. Kapag mag-aapply para sa paglipat ng pera, dapat ilagay ang layunin nito, at dapat ding kumpirmahin ang pagkakakilanlan ng Customer gamit ang password, atbp.
2. Kapag nakatanggap ang Kompanya ng aplikasyon para sa paglipat ng pera mula sa isang Customer, at ang aplikasyong ito ay naaayon sa Artikulo 13, ibabalik ng Kompanya ang mga detalye ng aplikasyon na natanggap sa terminal ng Customer.
3. Dapat suriin ng Customer ang mga detalyeng ibinalik ng Kompanya alinsunod sa naunang talata, at kung tama ang mga detalye, ay magpadala ito ng tugon sa Kompanya na nagsasaad na kinumpirma ng Customer ang mga detalye ayon sa mga pamamaraan na itinakda ng Kompanya. Maaaring baguhin o kanselahin ng Customer ang mga detalye ng aplikasyon ayon sa mga pamamaraan na itinakda ng Kompanya.
4. Dapat magbigay tugon agad ang Customer sa Kompanya ayon sa naunang talata. Kung ang naturang tugon ay hindi nakarating sa Kompanya sa loob ng oras na itinakda ng Kompanya, ituturing ng Kompanya na kinansela ng Customer ang aplikasyon para sa paglipat ng pera.
5. Ang aplikasyon para sa paglipat ng pera gamit ang Mobile Application Money Transfer Service o Internet Money Transfer Service ay makukumpleto sa oras na matanggap ng Kompanya ang tugon na itinakda sa talata 3 ng Artikulo na ito sa loob ng oras na itinakda ng Kompanya, at ang pagpoproseso ng kompyuter ng Kompanya ay nakumpleto na.
6. Pagkatapos makumpleto ang aplikasyon para sa paglipat ng pera ayon sa naunang talata, susuriin ng Kompanya ang nilalaman ng aplikasyon ayon sa mga pamantayang itinakda ng Kompanya. Kung matukoy ng Kompanya na walang problema dito, tatanggapin ng Kompanya ang aplikasyon para sa paglipat ng pera ng Customer. Gayunpaman, kahit na bilang resulta ng pagkumpirma nito ng aplikasyon ay natukoy ng Kompanya na ang paglipat ng pera na hiniling ng Customer ay hindi maaaring gawin para sa binayarang deposit fee at money transfer fee, atbp., maaari nitong ituring na

nagawa na ang aplikasyon para sa paglipat ng pera upang i-remit ang halagang pinakamalapit sa mga nilalaman ng naturang aplikasyon at tanggapin ang aplikasyon ng Customer para sa paglipat ng pera. Kaugnay nito, tinatanggap ng Customer na ang mga nilalaman ng aplikasyon para sa paglipat ng pera ay maaaring baguhin ayon sa nasabing sitwasyon.

7. Magbibigay ng abiso ang Kompanya sa Customer ukol sa pagtanggap ng aplikasyon na tinukoy sa naunang talata, at sa oras na dapat matanggap ng Customer ang naturang abiso, ay lalagdaan ng Kompanya at Customer ang isang kasunduan para sa consignment ng internasyonal na money transfer (“money transfer agreement”).
8. Kung matukoy ng Kompanya na may problema sa nilalaman ng aplikasyon para sa paglipat ng pera na resulta ng kumpirmasyong itinakda sa talata 6 ng Artikulo na ito, hindi tatanggapin ng Kompanya ang naturang aplikasyon para sa paglipat ng pera, at ituturing nito na kinansela ng Customer ang aplikasyon. Aabisuhan ng Kompanya ang Customer sa mga resulta ng kumpirmasyon gamit ang paraang initinakda ng Kompanya.
9. Responsibilidad ng Customer na tiyaking gumagana nang maayos ang mga terminal na ginagamit nito para sa mga transaksyon, at hindi ginagarantiyahan ng Kompanya na gumagana nang tama ang mga terminal na ginagamit ng Customer para sa mga transaksyon. Kung mayroong pinsala o kawalang natamo dahil sa hindi maayos na paggana ng terminal, hindi mananagot ang Kompanya sa anumang paraan para sa nasabing pinsala o kawalan.
10. Bukod sa pinsala o kawalang natamo dahil sa aplikasyon para sa paglipat ng pera na itinuring na nakansela alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo na ito, hindi rin mananagot ang Kompanya sa anumang paraan para sa pinsala o kawalang resulta ng maling impormasyon na binigay ng Customer o dahil sa mga problema sa nilalaman ng aplikasyon.

Artikulo 30. (Deposito sa Money Transfer Reserve Account para sa Mobile Application Money Transfer Service)

1. Kapag nag-apply ang isang Customer para sa paglipat ng pera gamit ang Mobile Application Money Transfer Service ayon sa Artikulo 29, dapat itong magdeposito ng money transfer reserve sa halagang kinakailangan para sa naturang paglipat ng pera sa kanyang money transfer reserve account, ayon sa pinili nitong paraan sa oras ng kanyang aplikasyon para sa paglipat ng pera. Ang Kompanya ay hindi mananagot para sa anumang pagkabigo sa paglipat ng pera nang dahil sa kakulangan sa money transfer reserve.
2. Kung hindi makumpirma ng Kompanya ang deposito ng Customer sa money transfer reserve account bago ang deposit deadline (o sa susunod na business day kung papatak sa holiday sa Kompanya ang deposit deadline), ang aplikasyon para sa paglipat ng pera gamit ang Mobile Application Money Transfer Service ay ituturing na kinansela ng Customer.

Artikulo 31. (Deposito sa Money Transfer Reserve Account para sa Internet Money Transfer)

1. Kapag nag-apply ang isang Customer para sa paglipat ng pera gamit ang Internet Money Transfer Service ayon sa Artikulo 29, dapat itong magdeposito ng money transfer reserve sa halagang kinakailangan para sa naturang paglipat ng pera sa kanyang money transfer reserve account, ayon sa pinili nitong paraan sa oras ng kanyang aplikasyon para sa paglipat ng pera. Ang Kompanya ay hindi mananagot para sa anumang pagkabigo sa paglipat ng pera nang dahil sa kakulangan sa money transfer reserve.
2. Kung sa pag-aapply para sa paglipat ng pera gamit ang Internet Money Transfer Service ay pinili ng Customer na magdeposito ng pera sa money transfer reserve account sa isang convenience store, ang halaga na dapat nitong ideposito sa money transfer reserve account ay ang halaga ng money transfer pati ng fees na nakasaad sa Artikulo 38 at dapat itong gawin sa loob ng tinakdang oras ng Kompanya pagkatapos makumpleto ang aplikasyon para sa paglipat ng pera (“deposit deadline”).

3. Kung hindi makumpirma ng Kompanya ang deposito ng Customer sa money transfer reserve account bago ang deposit deadline (o sa susunod na business day kung papatak sa holiday sa Kompanya ang deposit deadline), ang aplikasyon para sa paglipat ng pera gamit ang ang Internet Money Transfer Service ay ituturing na kinansela ng Customer.

Artikulo 32. (Aplikasyon para sa Pre-registered International Money Transfer Service)

1. Kapag nagdeposito ng pera sa money transfer reserve account ang isang Customer gamit ang Pre-registered International Money Transfer Service ayon sa paraan na naaayon sa serbisyong ginamit, ituturing ng Kompanya na nag-apply ang Customer para sa paglipat ng pera sa money transfer recipient na nauna nang inirehistro ng Customer.
2. Kapag nagawa ang deposito sa naunang talata sa loob ng tinakdang oras ng Kompanya, at ang pagpoproseso ng kompyuter ng Kompanya ay nakumpleto na, ang aplikasyon ng Customer para sa paglipat ng pera gamit ang Pre-registered International Money Transfer ay makukumpleto na.
3. Pagkatapos makumpleto ang aplikasyon para sa paglipat ng pera sa naunang talata, susuriin ng Kompanya ang nilalaman nito ayon sa mga pamantayang itinakda ng Kompanya. Kung matukoy ng Kompanya na walang problema dito, tatanggapin ng Kompanya ang aplikasyon para sa paglipat ng pera ng Customer.
4. Magbibigay ng abiso ang Kompanya sa Customer ukol sa pagtanggap ng aplikasyon na tinukoy sa naunang talata, at sa oras na dapat matanggap ng Customer ang naturang abiso, lalagdaan ng Kompanya at customer ang money transfer agreement.
5. Kung matukoy ng Kompanya na may problema sa nilalaman ng aplikasyon para sa paglipat ng pera na resulta ng kumpirasyon na itinakda sa naunang talata, hindi tatanggapin ng Kompanya ang naturang aplikasyon para sa paglipat ng pera, at ituturing nito na kinansela ng Customer ang aplikasyon. Aabisuhan ng Kompanya ang Customer sa mga resulta ng aplikasyon gamit ang paraang initinakda ng Kompanya.
6. Bukod sa walang pananagutan ang Kompanya sa pinsalang natamo dahil sa pagturing na kanselado ang aplikasyon para sa paglipat ng pera alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo na ito, hindi rin mananagot ang Kompanya sa anumang paraan para sa pinsala na resulta ng maling impormasyon na binigay Customer o dahil sa mga problema sa nilalaman ng aplikasyon.

Artikulo 33. (Pasasagawa ng Money Transfers)

1. Kapag nalagdaan na ang money transfer agreement, agad na isasagawa ng Kompanya, sa sarili nito o sa pamamagitan ng Correspondent nito, ang mga proseso para sa paglipat ng pera.
2. Sumasang-ayon ang mga Customer na maaaring ibahagi ng Kompanya ang kanilang impormasyon sa Correspondent at mga pinansyal na institusyon na naghahatid ng international money transfer kaugnay ng pagsasagawa ng mga proseso para sa paglipat ng pera (i) para magawa ang International Money Transfer Service, (ii) para sa pagsasagawa ng joint marketing na naaayon sa batas, o (iii) alinsunod sa mga patakaran upang maiwasan ang money laundering o pagpopondo ng terorismo at para sa iba pang administratibong aplikasyon. Sumasang-ayon din ang Customer na maaaring ibahagi ng Correspondent ang nasabing impormasyon sa iba pang Correspondents, sa kanyang parent company o sa mga affiliate nito (kabilang ang ibang kompanya na hindi sa Japan nakarehistro) para sa mga mabanggit na layunin.
3. Walang kahit anong pananagutan ang Kompanya o Correspondent para sa anumang pinsala o kawalang maaaring matamo o maidulot sa Customer na resulta pangagasiwa ng impormasyon sa naunang talata maliban na lamang sa mga kaso kung saan may sadyang pagkukulang o labis na kapabayaang sa bahagi ng Kompanya o Correspondent.
4. Ang maximum na halaga na maaaring ipadala ng isang customer sa bawat remittance, ang maximum na kabuuang halaga sa bawat partikular na panahon, at ang maximum na bilang ng mga transaksyon sa

bawat partikular na panahon ay hiwalay na tinutukoy ng Kumpanya sa URL sa ibaba. (URL: <https://www.remit.co.jp/kaigaisoukin/service/flowindividual/>).

5. Pagkatapos malagdaan ang money transfer agreement ay kukumpletuhin ng Kompanya ang international money transfer sa Correspondent sa loob ng karaniwang panahon para sa mga internasyonal na remittance na nakasaad sa URL na ito (URL: <https://www.remit.co.jp/correspondent/>).

Artikulo 34. (Pagtanggap ng Money Transfers)

1. Ang pera na inilipat mula sa isang Customer ayon sa Mga Tuntunin at Kondisyon na ito ay tatanggapin ayon sa mga regulasyong itinakda ng Correspondent. Nauunawaan at kinikilala ng mga Customer na kapag natanggap na ng money transfer recipient ang pera, may karagdagang bayarin na maaaring singilin (na liban sa mga itinakda ng Kompanya) dahil sa sitwasyon o mga kaganapan sa bansa kung nasaan ang recipient o Correspondent. Maaaring kumpirmahin ng Customer ang “Remittance Method and Restrictions by Country/Agency sa Company Website. (URL: <https://www.remit.co.jp/kaigaisoukin/remittancearea/>)
2. Maaari lamang makuha o matanggap ng money transfer recipient ang pera na may kaugnayan sa paglipat ng pera mula sa Correspondent kapag natapos na ang international money transfer na itinakda sa Artikulo 31.5; gayunpaman, nauunawan ng Customer na maaaring tumagal ng ilang araw ang money transfer simula sa paglagda ng money transfer agreement hanggang sa matatanggap ng money transfer recipient ang pera sa mga sumusunod na sitwasyon:
 - (1) ito ay lagpas o labas sa ng business hours ng Correspondent;
 - (2) kung kailangan ng Correspondent ng ilang araw para sa system processing;
 - (3) ang paglipat ng pera ay binimbin ng Correspondent ayon sa pagpapasya nito; o
 - (4) bilang karagdagan sa mga naunang nabanggit, kapag may mga karagdagang prosesong kailangan ayon sa mga regulasyon sa bansa ng recipient o Correspondent bago matanggap ang paglipat ng pera.
3. Maaaring tingnan ng Customer ang status ng paglipat ng pera sa Company Website o sa contact point ng Kompanya (“**Contact**”) na itinakda sa Artikulo 48.

Artikulo 35. (Reference Number)

1. Kung pipiliin ng Customer na tanggapin ang paglipat ng pera sa opisina ng Correspondent, dapat ipaalam ng Kompanya o ng Correspondent sa Customer o money transfer recipient ang reference number na ibinigay ng Kompanya o Correspondent (“reference number”). Maaaring magkaiba ang reference number at ang numero na ibinibigay ng Kompanya sa Customer sa oras ng paglagda ng money transfer agreement.
2. Kinakailangan ang reference number para sa mga sumusunod:
 - (1) para makuha ng money transfer recipient ang pera na inilipat ng Customer (kung kinakailangan ito sa ilalim ng mga lokal na batas);
 - (2) para masuri ng Customer ang status ng paglipat ng pera ayon sa Artikulo 34.3; o
 - (3) para makansela ng Customer ang isang aplikasyon para sa paglipat ng pera o para mawakasan ang money transfer agreement ayon sa Artikulo 39.
3. Dapat pangasiwaan ng Customer ang reference number gaya ng pangaganiswa nito sa kanyang password, atbp. na itinakda sa Artikulo 11.1, at dapat din niyang udyukin ang money transfer recipient na pangasiwaan ito sa parehong paraan. Kung sakaling ang reference number ay nalaman ng ibang tao, dapat agad ipagbigay-alam ito ng Customer sa Kompanya ayon sa itinakdang paraan ng Kompanya. Ang Kompanya ay hindi mananagot sa anumang pinsalang natamo o kawalang naidulot sa Customer o sa money transfer recipient bago makapagbigay ng abiso ang Customer, o dahil naipaalam ng Customer o money transfer recipient sa ibang tao ang reference number.

4. Responsibilidad ng Customer na ipaalam sa money transfer recipient ang reference number, at ang Kompanya ay walang anumang obligasyon ukol dito. Ang Kompanya ay walang anumang pananagutan sa anumang pinsalang natamo o kawalang naidulot sa Customer o sa money transfer recipient dahil sa kabiguan ng Customer na ipaalam sa money transfer recipient ang reference number.

Artikulo 36. (Pagwawakas ng Money Transfer Agreement)

1. Kung sakaling mag-apply and alinman sa mga sumusunod bago matanggap ng money transfer recipient ang pera ayon sa money transfer agreement, maaaring wakasan agad ng Kompanya ang money transfer agreement. Nauunawaan ng Customer na sa ilang kaso, maaaring hindi ipaalam ng Kompanya sa Customer ang dahilan ng naturang pagwawakas. Sa kasong ito, ang pera na saklaw ng aplikasyon para sa paglipat ng pera at ang katumbas na halaga ng money transfer fee na itinakda sa Artikulo 38.1(1) ay idedeposito sa money transfer reserve account ng Customer (sa ilalim ng kondisyon na ang katumbas na halaga ng deposit fees ay hindi na ibabalik). Nauunawaan ng mga Customer na kung wawakasan ng Kompanya ang money transfer agreement ayon sa bilang (1) o (4) sa ibaba, hindi na ibabalik ng Kompanya ang pera na ginamit para sa aplikasyon para sa paglipat ng pera at ang halagang katumbas ng money transfer fee.
 - (1) kung ang paglipat ng pera ng Customer ay lumalabag sa anumang mga batas at regulasyong nauugnay sa foreign exchange ng Japan, o kung sinuspinde ng gobyerno ng Japan ang mga transaksyon ng foreign exchange;
 - (2) kung magkaroon o maaaring magkaroon ng digmaan, kaguluhang sibil, natural na sakuna, labor dispute, kaguluhan, pag-atake ng terorista o welga;
 - (3) kung ang Correspondent ay napapailalim sa o maaaring sumailalim sa freezing ng mga ari-arian nito, pagsususpende ng mga bayarin, o kapag may kaganapan na pasok sa mga batayan para sa pagsisimula ng mga proseso para sa bankruptcy, civil rehabilitation, corporate reorganizon, special liquidation, o iba pang insolvency proceedings;
 - (4) kung ang paglipat ng pera ng Customer ay itinuturing na nauugnay sa isang krimen o may iba pang mga batayan na katumbas nito;
 - (5) kung ang paglipat ng pera ay hindi inaprubahan ng Correspondent, base sa pagpapasya nito; o
 - (6) kapag nangyari ang anumang nakasaad sa Artikulo 21.2.
2. Sa kabila ng naunang talata, kapag ang pera ay nakatakdaang tanggapin sa opisina ng Correspondent, kapag hindi natanggap ng money transfer recipient ang pera makalipas ang 90 araw (kasama ang ika-90 na araw) mula noong malagdaan ang money transfer agreement, ang pera na siyang saklaw ng money transfer agreement ay itatago ng Correspondent at hindi na ito makukuha ng money transfer recipient. Sa kasong ito, dapat gawin ng Customer ang mga proseso para sa pagwawakas ng money transfer agreement na itinakda sa Artikulo 39 upang maisauli sa kanya ang nasabing pera.
3. Walang anumang pananagutan ang Kompanya sa pinsalang natamo o kawalang naidulot sa Customer dahil sa pagwawakas ng money transfer agreement, ayon sa naunang dalawang talata.

Artikulo 37. (Foreign Exchange sa International Money Transfer Service)

1. Ang aplikasyon ng Customer para sa paglipat ng pera ay dapat gawin gamit ang International Money Transfer Service at gamit ang Japanese Yen.
2. Sa oras ng aplikasyon para sa paglipat ng pera, dapat ilagay ng Customer ang halagang matatanggap sa currency na itinalaga ng Kompanya ("currency of receipt"); gayunpaman, sa kabila ng naturang pagtatalaga, ang perang ibibigay sa money transfer recipient ay maaaring gawin pagkatapos ng conversion sa currency na itinalaga ng Correspondent ("secondary conversion").
3. Kung ang itinalagang currency para sa halagang matatanggap ay ang currency of receipt na itinalaga ayon sa naunang talata, ang halaga ng palitan na gagamitin ay ang halaga ng palitan na nakalagay sa URL sa ibaba, sa oras nang paglagda ng money transfer agreement. Dapat tandaan ng Customer na ang oras kung kalian ang money transfer agreement ay ituturing na nalagdaan na ay ang oras kung

kailan kinumpirma ng Kompanya ang aplikasyon ng Customer at itinuring na wala itong problema at tinanggap na nito ang aplikasyon; hindi ito tumutukoy sa oras kung kailan natapos o nakumpleto ng Customer ang aplikasyon para sa paglipat ng pera. Gayunpaman, kung ang pera ay kukunin sa opisina ng Correspondent, at nabayaran ang paglipat ng pera sa pagitan ng panahon matapos ang 45 na araw (kabilang ang ika-45 na araw) hanggang ika-90 na araw (kasama ang ika-90 na araw) mula nang malagdaan na ang money transfer agreement, ang conversion rate na gagamitin ay ang sa rate sa oras ng pagbabayad ng paglipat ng pera. (URL: <https://kumiai.remit.co.jp/exchange/>)

4. Aabisuhan ng Kompanya ang Customer ukol sa conversion rate na gagamitin sa International Money Transfer Service na inapplan ng Customer.
5. Kung ang secondary conversion ay ginawa alinsunod sa Artikulo 37.2, ang pera para sa paglipat ng pera ng Customer ay ipapalit muna sa currency of receipt, at pagkatapos ay isasailalim ito sa secondary conversion para maipalit sa currency na itinalaga ng Correspondent. Ang halaga ng palitan na ginagamit sa secondary conversion ay ang halaga ng palitan na itinakda ng Correspondent ayon sa diskresyon nito.

Artikulo 38. (Mga Bayarin o Fees, atbp.)

1. Kailangan bayaran ng Customer ang mga sumusunod na bayarin o fees ng Kompanya tuwing gumagamit ng International Money Transfer Service. Makikita ang mga fees sa URL na ito. (URL: <https://www.remit.co.jp/kaigaisoukin/exchangeratecommission/commission/>)
 - (1) money transfer fee;
 - (2) deposit fee;
 - (3) transfer cancellation fee; at
 - (4) withdrawal fee.
2. Ang money transfer fee na itinakda sa Artikulo 38.1(1) ay ang babayaran para sa paglipat ng pera, at ibinabawas mula sa halagang idineposito sa money transfer reserve account sa oras ng pag-apply para sa International Money Transfer Service.
3. Ang deposit fee na itinakda sa Artikulo 38.1(2) ay babayaran para sa pagdeposito ng pera sa money transfer reserve account, at ibinabawas mula sa halagang idineposito sa money transfer reserve account.
4. Ang transfer cancellation fee na itinakda sa Artikulo 38.1(3) ay babayaran tuwing ang paglipat ng pera ay hindi maisagawa dahil sa pagkakamali sa input ng Customer o anumang depekto sa aplikasyon, at ibinabawas mula sa ang halagang ibinalik sa money transfer reserve account.
5. Ang withdrawal fee na itinakda sa Artikulo 38.1(4) ay ang babayaran sa Kompanya ayon sa mga probisyon ng Artikulo 10.4. Ang withdrawal fee ay ang bayad para sa paglipat ng pera sa money transfer reserve account sa bank account ng Customer, at ibinabawas mula sa perang nauugnay sa naturang paglilipat ng pera.
6. Maaaring baguhin ng Kompanya ang mga fees na itinakda sa talata 1 sa itaas sa pamamagitan ng pagbibigay abiso sa Company Website ukol sa petsa ng pagbabago at mga detalye nito.

Artikulo 39. (Pagkansela ng Aplikasyon para sa Money Transfer, atbp.)

1. Maaari lamang kanselahin ng Customer ang aplikasyon para sa paglipat ng pera at wakasan ang money transfer agreement kapag inaprubahan ito ng Correspondent.
2. Kung sakaling kanselahin ng Customer ang ang aplikasyon para sa paglipat ng pera at wakasan ang money transfer agreement ayon sa naunang talata, ibabalik ng Kompanya ang pera para sa paglipat ng pera sa Japanese yen, at ang halagang katumbas ng money transfer fee sa money transfer reserve account. Sa ganoong kaso, ang katumbas na halaga ng deposit fee ay hindi na ibabalik; gayunpaman, depende sa pasya ng Correspondent, maaaring hindi na ibalik ang money transfer fee sa Customer o maaaring pagbayarin ng transfer cancellation fee ito.

3. Kung sakaling ang pera ay tatanggapin sa opisina ng Correspondent, at hindi pa natatanggap ng money transfer recipient ang pera makalipas ang 90 na araw (kasama ang nasabing araw) mula noong malagdaan ang money transfer agreement, at dahil doon hindi na makuha ang pera ayon sa Artikulo 36.2 at ang money transfer agreement ay winakasan na, ang katumbas na halaga ng money transfer fee at deposit fee ay hindi na ibabalik.

Artikulo 40. (Pagpapatupad ng Monitoring)

1. Upang matiyak ang pagsunod sa mga batas at regulasyon tulad ng Act on Prevention of Transfer of Criminal Proceeds, atbp., ang Kompanya ay magsasagawa ng monitoring sa paggamit ng Customer ng International Money Transfer Service ayon sa mga pamantayang itinakda ng Kompanya, at kung ang sa tingin ng Kompanya ay kinakailangan, maaari rin itong magsagawa ng isang panayam tungkol sa mga bagay gaya ng mga layunin ng paglipat ng pera, relasyon ng Customer sa money transfer recipient, at ang halaga ng kita ng Customer, sa paraang itinakda ng Kompanya gaya ng paggamit ng telepono para sa panayam.
2. Kung sa tingin ng Kompanya ay kinakailangan, base sa resulta ng panayam sa naunang talata, maaaring hingin ng Kompanya na magsumite ang Customer ng mga angkop na dokumentong magpapatibay sa nilalaman ng panayam sa naunang talata.
3. Bilang resulta ng pagsisiyasat at imbestigasyon sa naunang dalawang talata, maaaring baguhin ng Kompanya ang mga limitasyon sa halaga ng mga paglipat ng pera, o ihinto ang paggamit ng Customer ng International Money Transfer Service o kanselahin ang rehistrasyon ng Customer alinsunod sa Artikulo 21.

Ikatlong Kapitulo (International Money Transfer Receipt Service)

Artikulo 41. (Online Application for Receiving Money Transfer)

1. Dapat gamitin ng Customer ang Online Application for Receiving Money Transfer sa pamamagitan ng pag-access ng Company Website ayon sa pamamaraan at prosesong itinakda ng Kompanya. Kapag gumagawa ng Online Application for Receiving Money Transfer, kailangan isaad ng Customer ang layunin para sa paglipat ng pera at kumpirmahin ang pagkakakilanlan nito gamit ang password, atbp.
2. Pagkatanggap ng Kompanya ng Online Application for Receiving Money Transfer mula sa Customer at ito ay kinilala bilang aplikasyon na naaayon sa mga probisyon ng Artikulo 13, ibabalik ng Kompanya ang detalye ng Online Application for Receiving Money Transfer na natanggap nito sa terminal ng Customer.
3. Dapat suriin ng Customer ang mga detalyeng ibinalik ng Kompanya alinsunod sa naunang talata, at kung tama ang mga detalye, ay magpadala ito ng tugon sa Kompanya na nagsasaad na kinumpirma ng Customer ang mga detalye ayon sa mga pamamaraan na itinakda ng Kompanya. Maaaring baguhin o kanselahin ng Customer ang mga detalye ng aplikasyon ayon sa mga pamamaraan na itinakda ng Kompanya.
4. Dapat magbigay tugon agad ang Customer sa Kompanya ayon sa naunang talata. Kung ang naturang tugon ay hindi nakarating sa Kompanya sa loob ng oras na itinakda ng Kompanya, ituturing ng Kompanya na kinansela ng Customer ang aplikasyon para sa money transfer.
5. Ang Online Application for Receiving Money Transfer gamit ang International Money Transfer Receipt Service ay makukumpleto sa oras na matanggap ng Kompanya ang tugon na itinakda sa talata 3 ng Artikulo na ito sa loob ng oras na itinakda ng Kompanya, at ang pagpoproseso sa kompyuter ng Kompanya ay nakumpleto na.
6. Pagkatapos makumpleto ang Online Application for Receiving Money Transfer ayon sa naunang talata, susuriin ng Kompanya ang mga nilalaman ng aplikasyon ayon sa pamantayang itinakda ng Kompanya. Kapag natukoy ng Kompanya na walang problema dito, tatanggapin na nito ang aplikasyon ng Customer. Ituturing na pumasok sa isang Receipt Agreement ang Kompanya at ang

Customer sa oras ng pagtanggap ng aplikasyon. Ipapaalam ng Kompanya sa Customer ang resulta ng pagsusuri nito gamit ang pamamaraang itinakda ng Kompanya.

7. Sa oras na magkaroon na ng Receipt Agreement sa pagitan ng Kompanya at ng Customer ayon sa naunang talata, hindi na maaaring wakasan ng Customer ang Receipt Agreement.
8. Kung matukoy ng Kompanya na may problema sa nilalaman ng Online Application for Receiving Money Transfer na resulta ng kumpirmasyong itinakda sa talata 6 ng Artikulo na ito, hindi tatanggapin ng Kompanya ang naturang aplikasyon para sa paglipat ng pera, at ituturing nito na kinansela ng Customer ang aplikasyon. Aabisuhan ng Kompanya ang Customer sa mga resulta ng kumpirmasyon gamit ang paraang initinakda ng Kompanya.
9. Responsibilidad ng Customer na tiyaking gumagana nang maayos ang mga terminal na ginagamit nito para sa mga transaksyon, at hindi ginagarantiyahan ng Kompanya na gumagana nang tama ang mga terminal na ginagamit ng Customer para sa mga transaksyon. Kung mayroong pinsalan o kawalang natamo dahil sa hindi maayos na paggana ng terminal, hindi mananatagot ang Kompanya sa anumang paraan para sa nasabing pinsala o kawalan.
10. Bukod sa pinsala o kawalang natamo dahil sa aplikasyon para sa paglipat ng pera na itinuring na nakansela alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo na ito, hindi rin mananatagot ang Kompanya sa anumang paraan para sa pinsala o kawalang resulta ng maling impormasyon na binigay ng Customer o dahil sa mga problema sa nilalaman ng aplikasyon.

Artikulo 42. (Application for Receiving Money Transfer by Telephone)

1. Ang Application for Receiving Money Transfer by Telephone ay ginagawa kapag kinausap ng miyembrong Customer ang Contact gamit ang telepono at ang impormasyon at account details ng Customer ay napatunayan gamit ang pamamaraang itinakda ng Kompanya, at ang account name ay tugma sa pangalan ng customer. Kailangan isaad ang layunin ng paglipat ng pera at kumpirmasyon ng pagkakakilanlan sa pamamaraang itinakda ng Kompanya kapag gumagawa ng Application for Receiving Money Transfer by Telephone.
2. Sa kabila ng nabanggit sa naunang talata, maaaring tanggiin ng Kompanya ang Application for Receiving Money Transfer by Telephone ng Customer sa alinman sa mga sumunod na sitwasyon:
 - (1) Kapag hindi ibinigay ng Customer ang mga kailangang impormasyon sa iba't ibang bagay na nangangailangan ng kumpirmasyon, ayon sa paraang itinakda ng Kompanya;
 - (2) Kapag ang layuning ng paglipat ng pera ay labag sa batas; o
 - (3) Kapag hindi naisumite sa takdang petsa na ibinigay ng Kompanya ang kailangang opisyal na dokumento galing sa isang pampublikong opisina ayon sa batas at regulasyon kaugnay ng foreign exchange at taxation sa Japan, o isang dokumento na nagpapatunay ng pagbibigay ng permiso, atbp. para sa mga transaksyon kung saan kinakailangan ang nasabing permiso, atbp.
3. Sumasangayon ang Customer na maaaring ibahagi ng Kompanya ang impormasyong ng Customer sa Correspondent kaugnay ng pagtanggap ng Application for Receiving Money Transfer by Telephone alinsunod sa mga patakaran laban sa money laundering o pagpopondo ng terorismo, at iba pang administratibong aplikasyon. Sumasangayon din ang Customer na maaaring ibahagi ng Correspondent ang imporsayon sa iba pang Correspondent, kanyang parent company, o kanyang affiliates.
4. Hindi mananatagot ang Kompanya para sa anumang pinsala na dulot ng paghawak ng mga dokumento at impormasyon sa naunang talata, maliban na lamang kung mayroong sadyang kamalian o kakulangan o labis na kapabayaan ang Kompanya.

Artikulo 43. (Pagtanggap ng Money Transfers)

1. Ipapadala ng Kompanya sa bank account na nakapangalan sa Customer at nauna nang nairehistro nito, ang natitirang halaga pagkatapos ibawas ang halaga ng mga fees na nakasaad sa susunod na talata mula sa natanggap na paglipat ng pera na saklaw ng Receipt Agreement. Ipapadala ito sa

susunod na business day matapos ang konklusyon ng Receipt Agreement kapag ito ay nangyari bago mag 3 p.m. sa araw na iyon, o kaya'y ipapadala ito dalawang araw matapos ang konklusyon ng Receipt Agreement kapag ito ay nangyari sa ganap na 3 p.m. or pagakatapos ng 3 p.m. sa araw ng konklusyon ng Receipt Agreement.

2. Nakasulat ng hiwalay ang fees sa pagtanggap ng paglipat ng pera. Ang fees ay makikita sa URL na ito: (URL: <https://www.remit.co.jp/kaigaisoukin/exchangeratecommission/commission/>)
3. Ang maximum na halaga na maaaring matanggap ng isang customer sa bawat remittance, ang kabuuang halaga sa bawat partikular na panahon, at ang maximum na bilang ng mga transaksyon sa bawat partikular na panahon ay hiwalay na tinutukoy ng Kumpanya.
Para sa mga detalye, pakitingnan ang URL sa ibaba.
(URL: <https://www.remit.co.jp/kaigaisoukin/service/flowindividual/>)
4. Kapag nag-apply ang Customer para makatanggap ng paglipat ng pera, maaari itong mag login sa Company Website para tingnan ang status ng kanyang pagtanggap ng money transfer sa itinakdang pahina ng Kompanya.
5. Sumasangayon ang Customer na maaaring ibahagi ng Kompanya ang impormasyon ng Customer sa Correspondent kaugnay ang pagtanggap ng paglipat ng pera kapag: (i) para ito sa pagbigay ng Serbisyo sa Customer, (ii) para sa pagsasagawa ng joint marketing na naaayon sa batas, o (iii) alinsunod sa mga patakaran upang maiwasan ang money laundering o pagpopondo ng terorismo, at para sa iba pang administratibong dahilan. Sumasang-ayon din ang mga Customer na maaaring ibahagi ng Correspondent ang nasabing impormasyon sa iba pang Correspondents, sa kanyang parent company o sa mga affiliate nito (kabilang ang ibang Kompanya na hindi sa Japan nakarehistro) para sa mga mabanggit na layunin.
6. Ang Kompanya at Correspondent ay walang anumang pananagutan para sa anumang pinsala na natamo o kawalang naidulot sa Customer na resulta ng pangagasiwa ng impormasyon sa naunang talata maliban na lamang sa mga kaso kung saan may sadyang kamalian o kakulangan o labis na kapabayaang sa bahagi ng Kompanya o Correspondent.

Artikulo 44. (Foreign Exchange)

1. Japanese Yen ang dapat gamitin sa pagtanggap ng paglipat ng pera.
2. Ang gagamiting conversion rate mula lokal na currency palit ng Japanese Yen ay ang halaga ng palitan na itinakda ng Correspondent sa araw kung kailan ginawa ang aplikasyon para sa paglipat ng pera.

Artikulo 45. (Termination)

Maaaring itigil ng Kompanya ang transaksyon kahit naibigay na ang bayad para sa pagtanggap ng paglipat ng pera kung may pagkakamali or pagkakaiba sa ginawang Receipt Agreement. Sa sitwasyong ito, kailangan ibalik ng Customer ang pera sa Kompanya kapag ito'y hiniling ng Kompanya.

Ika-apat na Kapitulo (Mga Bagay na Sakop ng Payment Services Act)

Artikulo 46. (Mga Bagay Ukol sa Pagsupil ng Misidentification sa mga Foreign Exchange Transactions na Isinasagawa ng mga Bangko, atbp.)

Maaaring gamitin ng Customer ang Serbisyo pagkatapos maunawaan at sumangayon sa mga sumusunod:

- (1) Ang Serbisyo ay hindi foreign exchange transaction na isinasagawa ng mga bangko, atbp.;
- (2) Ang Serbisyo ay hindi tinuturing na pagtanggap ng deposito, savings o installment savings, atbp. ng Kompanya;
- (3) Ang Serbisyo ay hindi saklaw sa pagbabayad ng insurance proceeds ayon sa Artikulo 53 ng Deposit Insurance Act (Act No. 34 ng 1971 at mga sumusunod na rebisyon) o Artikulo 55 ng

Agricultural and Fishery Cooperation Savings Insurance Act (Act No. 53 ng 1973 at mga sumusunod na rebisyon).

Artikulo 47. (Mga Nilalaman ng Kasunduan sa ilalim ng Mga Tuntunin at Kundisyon)

1. Ang maximum na halaga ng international money transfer na pinangangasiwaan ng Kumpanya ay 1,000,000 yen bawat remittance.
2. Ang karaniwang panahon ng pagganap para sa mga internasyonal na remittance na ginawa ng Kumpanya ay dapat na itinakda sa Artikulo 33.5.
3. Ang halaga ng mga bayarin, kabayaran o gastos na babayaran ng mga customer o ang pinakamataas na halaga nito, o ang paraan ng pagkalkula nito, ay nakasaad sa Artikulo 28-2.6, 38 at 43.2.
4. Kung ang internasyonal na paglilipat ng pera (international money transfer) ay ginawa sa isang halagang ipinahiwatig sa isang dayuhang pera, ang halaga ay dapat ipalit sa Japanese currency sa pamamagitan ng paraan ng pagkalkula na itinakda sa Artikulo 37 at 44.
5. Ang kasunduan na isinagawa sa pagitan ng customer at ng Kumpanya alinsunod sa Mga Tuntunin at Kundisyon (pagkatapos dito ay tinutukoy bilang "Kasunduan") ay hindi dapat magkaroon ng nakapiraming termino. Ang Kasunduan ay magwawakas kapag nakansela ang pagpaparehistro ng pagiging miyembro.
6. Sa kaganapan ng pagwawakas ng Kasunduan na itinakda sa Mga Tuntunin at Kundisyon, ang pangangasiwa ay ang mga sumusunod:
 - (1) kung magwawakas ang Kasunduan, ang pangangasiwa ay dapat na itinakda sa Artikulo 21.
 - (2) kung ang isang kasunduan sa paglilipat ng pera ay kinansela, ang pangangasiwa ay dapat na itinakda sa Artikulo 36 at 39.
 - (3) kung ang isang Kasunduan sa Pagtanggap ay kinansela, ang pangangasiwa ay dapat na itinakda sa Artikulo 45.
7. Ang Kumpanya ay isang type 2 funds transfer service provider, ang panahon ng pagkalkula para sa uri 2 funds transfer business na pinapatakbo ng Kumpanya ay isang linggo, at ang deadline para sa deposito ay tatlong araw ng negosyo.

Artikulo 48. (Performance Security Deposit System)

1. Alinsunod sa probiso ng Artikulo 43 ng Payment Services Act (Act No. 59 na may petsa na June 24, 2009 at mga sumusunod na rebisyon), kailangan panatilihin ng Kompanya, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na alituntunin, ang performance security deposit nito sa halaga na katumbas o mas mataas sa halaga na lalabas kapag i-multiply ang kabuuan ng money transfer reserve na nakadeposito sa mga money transfer reserve accounts at ang halaga ng money transfer na natanggap, sa multiplier na nakasaad sa ikalimang talata ng Artikulo 11, Talata 6 ng Cabinet Office Ordinance on Funds Transfer Service Providers na tinuturing na gastos para sa refund procedures para mabigyan ng seguridad ang obligasyon na ibalik ang money transfer reserve sa mga Customer, at ang obligasyon na bayaran ang paglipat ng pera na natanggap ng Customer. Kung hindi mabayaran ng Kompanya ang anuman sa mga obligasyon nito, ang partido na humihiling ng paglipat ng pera ay may prayoridad na makatanggap ng bayad mula sa performance security deposit kaysa sa iba pang mga pinagkakautangan ng Kompanya (tinatawag na "right of claim for refund").

- (a) Konklusyon ng kasunduan ng “payment guarantee” kay Aozora Bank, Ltd.,
 - (b) Konklusyon ng isang Kasunduan sa Pagkakatiwala sa Garantiyang Pagbabayad sa Resona Bank, Ltd.
 - (c) Konklusyon ng kasunduan ng “performance security deposit preservation agreement kay SBI Insurance Co., Ltd.
 - (d) Konklusyon ng “performance security deposit” kay Tokyo Legal Affairs Bureau
2. Kailangan panatilihin ng Customer ang kanyang right of claim for refund sa International Money Transfer Service hanggang sa aktwal na matanggap ng money transfer recipient ang paglipat ng pera. Pagkatapos matanggap ng money transfer recipient ang paglipat ng pera, hindi na maaaring gamitin ng Customer ang right of claim for refund. Ang right of claim for refund sa International Money Transfer Receipt Service ay karapatan ng Customer.
 3. Kung sakaling mangyari ang ano mang nakasaad sa ikalawang talata ng Artikulo 59 ng Payment Services Act, maaaring tumanggap ang Customer ng refund para sa security deposit sa pamamagitan ng pagsunod sa refund procedures ayon sa nasabing Artikulo.
 4. Kapag nangyari ang sitwasyon sa naunang talata, hindi na maaaring tanggapin ng money transfer recipient ang paglipat ng pera sa International Money Transfer Service. Kapag nangyari ang sitwasyon sa naunang talata at ang proseso para sa refund ay ginawa pagkatapos matanggap ng money transfer recipient ang paglipat ng pera sa International Money Transfer Service, kailangan ibalik ng Customer sa Kompanya ang halaga na katumbas ng performance security deposit.

Artikulo 49. (Mga Katanungan, Pagproseso ng Reklamo, at Proseso ng Pagresolba sa mga Di-Pagkakaunawaan)

1. Anumang katanungan at komento tungkol sa Serbisyo ay maaaring ipadala gamit ang mga impormasyong ito:
Address: SBI Remit Co., Ltd., Customer Center
4F Sumitomo Fudosan Otowa Bldg., 2-9-3, Otsuka, Bunkyo-ku, Tokyo, 112-0012
Tel: 03-5652-6759
E-mail: support@remit.co.jp
(Weekdays) 9:00 - 18:00
2. Ipinapatupad ng Kompanya ang paraan ng pagproseso ng mga reklamo, at proseso ng pagresolba ng mga di-pagkakaunawaan na nakasaad sa sa Payment Services Act. Ang mga susunod na external na organisasyon ay maaaring lapitan para sa mga reklamo at mga di-pagkakaunawaan hinggil sa money transfer business ng Kompanya:
 - (1) Complaint Processing Measures
Japan Payment Service Association Customer Hotline
Tel:03-3556-6261
Ang prosesong gamit ng asosasyong ito para sa mga katanungan at reklamo ay mababasa sa URL na ito:
(URL: http://www.s-kessai.jp/consumer/giftcard_prica_netprica/funds_consumer_inquiry_cg.html)
 - (2) Dispute Resolution Measures
Tokyo Bar Association Dispute Resolution Center
Tel:03-3581-0031
Daiichi Tokyo Bar Association Arbitration Center
Tel:03-3595-8588
Daini Tokyo Bar Association Arbitration Center
Tel:03-3581-2249

Terms and Conditions of International Money Transfer Transactions

Tagalog Version

Established, December 13, 2010

Amended, April 17, 2012

Amended, April 1, 2014

Amended, June 13, 2014

Amended, February 18, 2016

Amended, May 26, 2016

Amended, June 23, 2016

Amended, October 20, 2016

Amended, May 18, 2017

Amended, March 1, 2018

Amended, January 23, 2019

Amended, March 30, 2020

Amended, December 8, 2020

Amended, May 1, 2021

Amended, May 17, 2022

Amended, October 14, 2022

Amended, March 30, 2023

Amended, October 30, 2023

Amended, January 31, 2024

Amended, March 28, 2024

Amended, August 1, 2024